# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KAUTUSANG BAYAN BILANG 90-26

KAUTUSANG BAYAN NA NAGBABAWAL SA SINUMANG TAO NA BUMUNOT NG BAGONG TANIM NA PUNO O PUMUTOL NG MALALAKING PUNONG-KAHOY NA PAG-AARI NG MGA PAMBAYANG PAARALAN AT NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT ANG PAGPAPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG SA KAUTUSANG ITO.

---

ITINALAGA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA NA:

TALATA I : Ang pagkakaroon ng mga malalaking punong-kahoy sa mga paligid ng mga gusali, ng mga paaralan at sa mga tabi ng kalsada ay nagpapaganda, nagbibigay ng preskong hangin at lilim na masisilungan ng mga bata at ng mga mamamayan kung katanghaliang mainit ang araw.

TALATA II : Ang isa sa pangunahing layunin ng pamahalaang bayan ay magawang luntian ang bayan ng Muntinlupa.

TALATA III : Ang mga sumusunod na parusa ay ipapataw sa mga taong bubunot ng mga bagong tanim na punong-kahoy o sa mga taong puputol ng malalaking punong-kahoy na pag-aari ng mga pambayang paaralan at ng pamahalaang bayan ng Muntinlupa:

U N A : Ang parusa sa halagang Tatlong Daang Piso (₱300) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng sampu hanggang labinglimang araw (10-15) sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa UNANG PAGLABAG;

Ang parusa sa halagang Limang Daang Piso (₱500) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng labinglimang araw hanggang tatlumpung araw (15-30) sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa IKALAWANG PAGLABAG;

Ang parusa sa halagang Pitong Daang Piso (₱700) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng isang buwan hanggang dalawang buwan sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa IKATLONG PAGLABAG.

TALATA IV : Ang lahat ng kautusang bayan na taliwas sa mga nilalaman ng kautusang ito ay pinawawalang bisa.

TALATA V : Ang kautusang bayan na ito ay magkakabisa agad pagkatapos maitala sa bulletin board na nakalagay sa bulwagang pambayan at iba pang hayag na lugar sa Muntinlupa sa loob ng sampung (10) araw.

ISINABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang-118 pangkaraniwang pulong ngayong ika-13 ng Agosto, 1990.

PINAGTIBAY :
Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/~~Pangulong Opisyal~~

PINATOTOHANAN :
Mggl. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

---

INISPONSOR NI KON. ROMAN E. NIEFES

SINANG-AYUNAN NG LAHAT NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN

KON. CARLO G. TENSUAN
KON. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KON. EPIFANIO A. ESPELETA
KON. REY E. BULAY
KON. ROMAN E. NIEFES
KON. LUCIO B. CONSTANTINO
KON. RUFINO B. JOAQUIN
KON. NEMESIO O. MOZO
KON. ROGER C. SMITH
KON. NOLASCO L. DIAZ
KON. VICENTE Y. CHUA